# Tukuyin, Iwasan at I-report ang mga Scam

## Aklat Tungkol sa Pandaraya

**Para sa mga Bagong mga Refugee at Imigrante**

Ang Pederal na Komisyon ng Kalakalan (Federal Trade Commission, FTC) ay ahensiya ng gobyerno na nagpoprotekta sa mga tao mula sa mga pandaraya at scam.

Ito ang ilang palatandaan ng scam. Kapag nakita mo ang isa sa mga palatandaang ito, huminto ka na. Ipakipag-usap ito.

Kung na-scam ka o sa palagay mo nakakita ka ng scam, tumawag sa 877-382-4357, at pindutin ang 3 para sa iba pang wika, at pagkatapos ay 2 para sa Tagalog - o pumunta sa **ReportFraud.ftc.gov**.

# Mga Palatandaan ng Scam

### May nangako bang magbibigay sa iyo ng trabaho – kung babayaran mo sila?

Huwag na huwag magbabayad sa sinumang nangangakong magbibigay sa iyo ng trabaho, katibayan na makakakuha ka ng trabaho, o sikretong access sa trabaho. Scam ang mga iyon.

### May nagpakilala bang galing siya sa isang ahensiya ng gobyerno, at pinagbantaan ka o hiningan ng pera?

Hindi ka tatawagan ng gobyerno para pagbantaan o hingan ng pera.

### May nagsabi ba sa iyong matutulungan ka nila na manalo sa Diversity Visa Lottery para makakuha ng Green Card?

Libreng mag-apply at ang mga mananalo ay pinipili nang random. Walang puwedeng magpalaki ng tyansa mong manalo.

### May isa bang notaryo na nag-alok na tutulungan ka sa kalagayan mo bilang imigrante?

Kung kailangan mo ng legal na payo tungkol sa kalagayan mo bilang imigrante, magpunta sa isang abogado o awtorisadong kinatawan. Hindi sa notaryo.

### Nakatanggap ka ba ng tawag, email, text, o mensahe sa social media na nagsasabing may napanalunan ka? Pero may babayaran ka?

Huwag magbayad. Scam iyon. Masasayang ang pera mo.

### May humiling ba sa iyo na magbayad gamit ang gift card, magpadala ng pera sa pamamagitan ng isang kompanya gaya ng Western Union o MoneyGram, o cryptocurrency?

Ang mga scammer lang ang nagsasabi na magbayad ka sa ganoong paraan. Huwag itong gawin.

### May natanggap ka bang tseke mula sa isa na humiling sa iyo na bigyan ng parte mula sa perang iyon?

Huwag magbigay ng pera para sa tseke. Ang mga pekeng tseke ay parang totoo at puwede nitong maloko ang bangko. Kakailanganin mong ibalik ang pera.

### May natanggap ka bang tawag, email, text, o mensahe sa social media na humihingi ng numero ng iyong credit card, bank account, o Social Security?

Huwag ibigay ang impormasyong iyon sa sinuman sa pamamagitan ng telepono, email, text, o social media.

## Protektahan ang Sarili at ang Iyong Impormasyon

- Huwag dalhin ang mahahalagang papeles mo o ID.
- Huwag i-click ang mga link sa email, text, o mensahe sa social media maliban na lang kung alam mo ang mga iyon.
- Huwag magtiwala sa caller ID. Kayang palabasin ng mga scammer ang anumang pangalan o numero sa iyong caller ID.
- Huwag magpadala ng pera sa sinuman na tumawag, nag-email o nag-text at nagpakilalang tagagobyerno siya.
- Ang selyo ng gobyerno ay hindi nangangahulugang opisyal ang isang website. Hanapin ang .gov sa address.
- Huwag magbayad para sa form ng imigrasyon mula sa gobyerno ng U.S. Libre ito.
- Kung sa tingin mo ay may nagnakaw ng pagkakakilanlan mo, bisitahin ang **IdentityTheft.gov** para sa tulong.

# I-report ang mga scam sa

Federal Trade Commission sa

**ReportFraud.ftc.gov** o tumawag sa

877-382-4357, at pindutin ang 3 para sa iba pang wika, at pagkatapos ay 2 para sa Tagalog

## Bakit dapat i-report ang mga scam?

Nakakatulong ang report mo para protektahan ang mga taong mahal mo. Tumutulong ito sa FTC na patigilin ang mga scammer at hindi na ma-scam ang iba.

Alamin pa ang tungkol sa pag-iwas sa mga scam:
**consumer.gov**

Federal Trade Commission
consumer.gov
Agosto 2022
August 2022